


| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | DepEdClub.com | Grade Level: | IV |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File created by Sir BIENVINIDO C. CRUZ JR | Learning Area: | ESP |
| | Teaching Dates and Time: | MARCH 6 – 10, 2023 (WEEK 4) | Quarter: | 3RD QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. PAMANTAYANG PANGNILALAMAN** | Naipamamalas ang pag-unawa sa pagmamahal sa bansa sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa kultura | | | | |
| **B. PAMANTAYANG PAGGANAP** | Naisasabuhay ang mga gawaing nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura | | | | |
| **C. MGA KASANAYAN SA PAGKATUTO** ***(Isulat ang code ng bawat kasanayan)*** | Naipagmamalaki / napahahalagahan ang nasuring kultura ng iba't ibang pangkat etniko, tulad ng kuwentong bayan, katutubong sayaw, awit, laro at iba pa**(EsP4PPP-IIIc-d-20)** | | | | |
| **II. NILALAMAN** | **Aralin 3: Pangkat na Magkakaiba, Pinahahalagahan ng mga Pilipinong Nagkakaisa** | | | | |
| | **ALAMIN NATIN** | **ISAGAWA NATIN** | **ISAPUSO NATIN** | **ISABUHAY NATIN** | **SUBUKIN NATIN** |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | ***(Itala ang mga Kagamitang Panturo na gagamitin sa bawat araw. Gumamit ng iba't ibang kagamitan upang higit na mapukaw ang interes at pagkatuto ng mga mag-aaral.)*** | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga pahina sa Gabay ng Guro** | 118-122 | 122-123 | 123-124 | 124-125 | 125 |
| **2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral** | 194-197 | 198-200 | 200-202 | 203-204 | 204-206 |
| **3. Mga pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | mga larawan ng iba't ibang pangkat etniko, padron, at mga gamit sa paggawa ng "biographic doll" patpat o karton na maaaring gamiting suporta sa flower organizer, lumang folder o kartolina na maaaring gamitin sa paggawa ng flower organizer (maaaring patungan ng art paper), pentel pen o krayola, gunting, glue o pandikit, lumang magasin, kalendaryo o poster, sagutang papel, tray, malaking mapa ng Pilipinas, PPT | | | | |
| **IV. PAMAMARAAN** | ***(Gawin ang pamamaaang ito ng buong linggo at tiyakin na may gawain sa bawat araw. Para sa holistikong pagkahubog, gabayan ang mga mag-aaral gamit ang mga istratehiya ng formative assessment. Magbigay ng maraming pagkakataon sa pagtuklas ng bagong kaalaman, mag-isip ng anatikal, at kusang magtaya ng dating kaalaman na inuugnay sa kanilang pang-araw-aaw na karanasan.)*** | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | Magkaroon ng maikling balik-tanaw sa nakaraang aralin. Anu-ano ang mga paraan ng pagkilala sa sariling kultura? *(paglaro ng mga katutubong laro, pagbubugtungan, atbp)* | Magkaroon ng maikling balik-tanaw sa napag-aralan. Ano ang ibig sabihin ng cultural diversity? | Balikang muli ang mga pangkat etniko sa bansa. Ilahad ang katangian ng bawat isa. | Balik-aral: Paano pinangangalagaan ng pamahalaan ang mga katutubong pangkat sa ating bansa? | Pagbabahagi ng mga nasaliksik mula sa takdang aralin. |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | 1. Anu-anong mga pangkat-etniko sa ating bansa ang alam mo? | 1. Kilalaning muli/ilahad ang ibat-ibang pangkat etniko sa bansa. | Sabihin: Magkakaiba man tayo ng pangkat na pinagmulan, tiyak na may | Magpakita ng isang segment | Hayaan ang mga bata na banggiting muli ang iba't-ibang pangkat sa bansa. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2. Ipaunawa sa mga mag-aaral ang konsepto ng diversity o pagkakaiba-iba, na ito ay isang realidad o katotohanan.<br>*(Maaari ding ipakilala ang konsepto ng **"cultural diversity."**)*<br>3. Dalhin ang mga mag-aaral sa realisasyon na kahit iba-iba tayo ng pinanggalingang pangkat etniko, lahat tayo ay mga Pilipino. Iisa ang bansa natin. Sa kabila ng mga pagkakaiba-iba, kayang-kaya nating itaguyod ang pagkakaisa.<br>4. Ipabasa ang panimulang talata ng aralin sa pahina 194. | Ilarawan ang katangian/kultura ng bawat isa. | mga katangian tayong magkakapareho o magkakaugnay. | ng palabas/larawan na ang naka-feature ay isang pamilyang Agta at ang kanilang kalagayan.<br>*Ano ang maaari ninyong magawa upang matulungan ang iba pang mga katutubong tulad ng batang<br>Agta sa palabas o larawan.<br><br>*(Maaring bisitahin ang site na ito: http://www.gmanetwork.com/news/story/368317/publicaffairs/iwitness/galamay-ngkaragatanngayong-sabado-10-30-pm-sa-i-witness)* | |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | 1. Ipagawa ang gawain sa Alamin Natin p. 194.<br>*Ano ang kulay ng iyong mata?<br>*Ilang taon ka na?<br>*Ilan kayong magkakapatid atbp.<br>2. Hayaang ikumpara ng mga bata ang kanilang mga sagot.<br>*Saang bagay kayo magkakatulad? magkakaiba?<br>3. Ipinagmamalaki mo ba na ikaw ay isang Pilipino?"<br>Pangatwiranan. | **Ipagawa ang Gawain 1 ng LM, p. 198**<br>*(Bigyan ng kalayaan ang mga mag-aaral sa pagpili ng pangkat etnikong nais gawin. Gamitin ang teoryang scaffolding. Maaaring magpakita ng halimbawa at sabihing malaya silang disenyuhan ang kanilang mgamanika ayon sa mga katangian ng kinabibilangang kultura.)*<br>May dalawang opsiyon para sa gawaing ito:<br>a. Isasabit ang mga nagawang manika sa isang napiling lugar o sulok ng silid-aralan.<br>b. Ididikit ang mga manika sa isang malaking mapa ng Pilipinas. | Ipagawa ang **Isapuso Natin na nasa LM p. 200-201.**<br>1.Pangkatin ang klase. Gabayan ang mga bata sa paggawa ng flower organizer. Hayaang magbahagi ang bawat isa ng kanilang mga katangian, pangarap, hangarin at dalangin, natatanging ambag, at suliraning kinakaharap. Hayaang magsulat ang bawat isa sa talulot ng bulaklak.<br>2. Sa gitnang bahagi ng bulaklak, ipasulat ang katangiang magkatulad sa bawat isa.<br><br>3.Lagyan ito ng stick sa likod para tumayo. Maglagay ng kawili-wiling tag line o pamagat para sa ginawa. | Para mapanood ang episode ng i-witness na "Galamay ng Karagatan", pumunta sa: https://www.youtube.com/watch?v=77dEflJnQlo&feature=youtube_gdata_player | Hayaan ang mga batang sabihing muli ang mga paraan ng pagpapahalaga/pagpapaunlad ng kultura ng bawat pangkat. |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | 1. Sabihing ang Pilipinas ay tahanan ng iba't ibang pangkat etniko na may kani-kaniyang kultura. (*Tanungin ang mga mag-aaral kung alam nila ang pangkat na kinabibilangan nila.)*<br><br>2. Patingnan ang larawan ng ibat-ibang pangkat etniko sa p. 195-196 ng LM. Kilalanin ang mga ito. | 1. Pagproseso sa nagawa ng mga mag-aaral.<br>2. Pagbibigay impresyon matapos makita ang kabuuan ng kanilang ginawa bilang isang klase.<br>3. Ipaalala sa kanila ang konsepto ng diversity.<br>*(Sabihin:Maaaring magkakaiba kayo sa estilo ng paggawa ngunit kapagpinagsama-sama na ang mga ito, isang magandang larawan ang mabubuo. Ganito rin ang nais nating mangyari hindi lamang sa ating* | 1. Paglalahad ng ginawa ng bawat pangkat.<br>2. Pagproseso sa ginawa gamit ang mga tanong:<br>*Saang bagay nagkakatulad ang inyong pangkat? Saan naman nagkakaiba?<br>* Ano ang ipinahihiwatig nito sa ating kultura? | Hayaan ang mga batang magbigay ng reaksiyon mula sa napanood na palabas. | Hayaang muli ang mga bata na ipaliwanag ang konsepto na kahit ibat-iba ang pangkat na pinagmulan ng mga Pilipino, may pagkakatulad pa rin sa paraan ng kanilang pamumuhay.<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 3. Para sa pagpapakilala ng mga mag-aaral na kumakatawan sa ilang pangkat etniko, maaaring tumawag ng mga mag-aaral na gaganap bilang mga mag-aaral tulad ng nakalagay LM. Maaaring tumawag din ng iba pang mag-aaral upang ipakilala ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagbanggit sa kanilang pangkat na pinagmulan.<br><br>4. Pagkatapos ng pagpapakilala, itanong:<br>*Ano ang konsepto/kahulugan ng kultura mula sa binasa?<br>*(Ito ay kumakatawan sa mga katangian at karanasang pinagsasaluhan (shared) ng isang pangkat o kalipunan ng mga tao mula sa isang maliit na komunidad, tribo, lipunan hanggang sa bansa. Sinasaklaw nito ang mga kaugalian, paniniwala, gawi at mga pananaw na maaaring makaimpluwensiya)* sa mga kabilang sa pangkat<br>*Sinu-sino ang mga pangkat-etniko na bumubuo sa bansa?<br>*Paano mo ipapakita ang paggalang sa kultura ng bawat pangkat etniko? Atbp. | *bansa kundi maging sa buong mundo.)* | | | |
| **E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | **DAGDAG KAALAMAN TG p.119-122**<br>1. Paglalahad ng karagdagang impormasyon. p.119-120 ng TG<br>2. Itanong:<br>*Ano ang maaaring epekto ng pagkakaroon ng iba't ibang pangkat etniko?<br>*May iba pa ba kayong alam na pangkat etniko bukod sa nasa mapa? Ilarawan sila. | **Ipagawa ang Gawain 2 ng LM, p. 198-200**<br>1. Ipakilala si Jacob Maentz.<br>*Bigyang-diin nabagamat isa siyang banyaga, naroon ang marubdob niyangpagnanais na ipakilala ang mga katutubong pangkat na kahangahangang napanatiling buhay ang kanilang kultura. Magdagdag ng impormasyon ukol sa kaniya at sa kaniyang adbokasiya. Ipakilala ang konsepto ng Indigenous Peopleo IP.*<br>2. Bumuo ng limang pangkat. Sa pamamagitan ng mga larawang, alamin ang kultura ng mga pangkat etniko. | 1. Hayaan ang bawat bata na lapitan ang mga kaklaseng nasaktan ng damdamin dahil sa maaaring napangtawanan o iniwasan sanhi ng pakakaiba ng pangkat na kinabibilangan. Bigyan ang bawat isa ng oras para magkausap/magkaayos.<br>2. *(Kung may kamera, magpakuha nang magkakasama hawak ang bulaklak ng pagkakaisa.)*<br>3. Itulos ang mga bulaklak sa "hardin ng makulay na nagkakaiba ngunit nagkakaisa".<br><br>Itanong: Ano ang naramdaman nyo sa gawain? Bakit? | 1.Ipabasa ang Isabuhay Natin sa p. 203-204 ng LM<br>2. Itanong:<br>*Sino si Martin Luther King Jr? Ano ang kanyang naiambag sa mundo?<br>*Paano tinulungan ng samahang Juan Portrait ang ilan sa mga katutubong pangkat sa bansa? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 3. Gamitin ang gabay na tanong sa p. 199 ng LM sa paggawa ng graphic organizer.<br>a.Ano ang tawag sa kanilang pangkat?<br>b.Saan sila matatagpuan?<br>c.Ano ang kanilang mga pangunahing katangian?<br>d.Ano ang kanilang ikinabubuhay?<br>e.Ano ang maitutulong natin sa kanila?<br><br><br>4. Paglalahad ng Output at pagproseso | | | |
| **F. Paglinang ng Kabihasaan (Tungo sa Formative Assessment)** | 1. Paano nyo natututuhan ang kultura ng inyong pangkat?<br>*Saan at paano nyo natutuhan ang inyong pagkain, pananamit, pagsagot sa nakatatanda, pag-aalaga sa sarili at iba pang mga gawi?<br>*(Dalhin sila sa realisasyon na ipinanganak tayo sa isang pangkat na may kultura na at sa patuloy nating pakikipag-ugnayan samga miyembro nito, nakukuha o natututuhan natin ang kanilang kultura.)*<br>2. Paano naman kaya natuto ng Filipino ang mga banyagang nandito?<br>*(Sa puntong ito, maaaring ipaalala sa mga mag-aaral ang konsepto ng "cultural diversity." Maaaring magkakaiba-iba tayo ng kultura ngunit hindi ito hadlang sa pagkakamit ng matiwasay na pamumuhay at kapayapaan. Kailangan lamang na pagtuunan natin ng pansin ang ating pagkakatulad sa halip na pagkakaiba-iba.)* | Ano iba't ibang paraan ng makapagpapakita ng paggalang at pagtanggap sa kultura ng iba?<br><br> | *1. Para sa pagpapayaman ng kaalaman, maaaring puntahan ang mga site na ito:*<br>*http://www.katutuboproject.org/.*<br>*http://www.ethnicgroupsphilippines.com/people/ethnicgroups-in-the-philippines*<br><br>2. Bakit mahalagang igalang at unawain natin ang kultura ng ibang pangkat? | 1. Hayaang gumawa ng plano ang mga mag-aaral para sa isang proyekto na maaari nilang mailunsad para makatulong sa mga batang katutubo.<br><br>2. Maaari din silang pasulatin ng isang liham para sa mga kinauukulan upang matulungan ang mga kapatid nating katutubo sa kanilang kalagayan | Bakit mahalagang igalang/pahalagan ang kultura ng bawat pangkat sa bansa? |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | 1. Punan ang tsart para ipakilala ang kultura ng sariling pangkat.<br>Pangkat \| <br>Lugar \| | Pagsagot sa mga sitwasyon.<br>HAL.<br>1. Nakita mong pinagtatawanan ng iyong kaklase ang larawan ng isang | 1. Sabihin sa mga mag-aaral na may mga katutubong pangkat na may kinakaharap na mga suliranin ngayon. Maaaring magbigay ng ilan - | Paano nyo ipapakita ang inyong pasasalamat sa mga samahang nagbibigay tulong sa mga katutubong | *(Maaaring magbigay muli ng mga halimbawa nito)* |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Salita / Pagkain / Kaugalian / Paniniwala (table with blank answer column)<br>2. Ikumapara ang sagot ng bawat isa. Ipaliwanag ang pagkakaroon ng pagkakatulad at pagkakaiba ng kultura | katutubong nakasuot ng bahag. Ano ang gagawin mo?<br>2. Kinukutya ng ilang bata ang isang batang aeta dahil sa kanyang pisikal na anyo. Ano ang gagawin mo? | displacement, sanitasyon, kalusugan at iba pa.<br>*Paano kayo makakatulong sa kanila?<br>2. Paghandog ng isang panalangin | pangkat at isa kayo sa mga natulungan? | |
| **H. Paglalahat ng Aralin** | 1. Hayaan ang mga mag-aaral na bumuo ng konsepto mula sa araling ililahad.<br>2. Bigyang diin ang mahahalagang konseptong tinalakay tulad ng:<br>*kultura<br>*cultural diversity atbp. | Hayaan ang mga mag-aaral na bumuo ng konsepto mula sa araling ililahad. | 1. Hayaan ang mga mag-aaral na ilahad muli ang konsepto ng aralin.<br>2. Basahin ang Tandaan Natin sa LM p. 202<br>3. Ipaliwanag ang nilalaman nito | Hayaan ang mga mag-aaral na ilahad muli ang konsepto ng aralin. | Ilahad muli ang pinakakonsepto ng aralin sa buong linggo. |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | Ano iba't ibang paraan ng makapagpapakita ng paggalang at pagtanggap sa kultura ng iba? | *Ang ginawang pangkatang gawain ang magsisilbing pagtataya. Gumamit ng rubrik sa pagbibigay ng marka.*<br><br>Maaaring idagdag:<br>Maipapakita ko ang paggalang sa kultura ng iba sa pamamagitan ng ___________________________. | *Ang ginawang pangkatang gawain ang magsisilbing pagtataya. Gumamit ng rubrik sa pagbibigay ng marka.*<br><br>Maaaring idagdag:<br>Natutuhan ko na ______________ ____________________________. | *Ang ginawang plano ang magsisilbing pagtataya. Gumamit ng rubrik sa pagbibigay ng marka.*<br><br>Maaaring idagdag:<br>Mula ngayon, ipapakita ko ang pagpapahalaga sa ibang pangkat sa pamamagitan ng __________ ___________________________. | 1. Ipasagot ang Subukin Natin sa LM p.204-206<br>2. Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral lalo na sa ikalawa at ikatlong bahagi. Kung mapagtanto na may kailangang itama sa kanilang pananaw. |
| **J. Karagdagang Gawain para sa takdang aralin at remediation** | 1. Magtala ng iba pang pangkat etniko na hindi nabanggit sa aralin. Magkaroon ng maikling pagpapakilala sa kultura ng mga ito.<br>2. Ipadala ang mga kagamitan sa para sa susunod na gawain. | Ibahagi ang katangian/ kultura ng inyong pangkat na kinabibilangan. | Magsaliksik sa talambuhay ni Martin Luther King Jr. | Magsaliksik ng ilang samahan o organisasyon na tumutulong sa mga katutubong pangkat sa bansa. | Gumawa ng pagsasaliksik sa mga pangkat etniko sa Mindanao. Ilarawan sila ayon sa kanilang:<br>1. materyal na kultura (pananamit, pagkain, gawi, laro o libangan, panitikan, sining)di-materyal na kultura (paniniwala, pananaw at pagpapahalaga)<br>2. di materyal na kultura (paniniwala, pananaw at pagpapahalaga). |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | | | | | |
| B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | | | | | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I –Search<br>__Discussion | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I –Search<br>__Discussion | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I –Search<br>__Discussion | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I –Search<br>__Discussion | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I –Search<br>__Discussion |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kakulangan sa Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kakulangan sa Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kakulangan sa Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kakulangan sa Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kakulangan sa Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan |
| G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material |